


Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 5:
Tandaan Mo!



Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 5: Tandaan Mo!
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Araceli T. Cullamat

Editor: Lira S. Rubio, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

Tagasuri: Lynne B. Baptista, Gloria C. Sabanal, Edgardo D. Pamugas III,
Aries A. Gamino

Tagaguhit: Deodito C. Curaza Jr.

Tagalapat: Hazel Jane A. Villegas

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Mary Jeanne B. Aldeguer

Analiza C. Almazan

Ma. Cielo D. Estrada

George N. Wong

Winnie E. Batoon

Chona M. Calatrava

Teresita E. Helgason

Jesusa P. Ambrona

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 5:
Tandaan Mo!

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta? Halika at sabay nating alamin ang nilalaman ng modyul na ito!

Dinisenyo at isinulat ito na isinaalang-alang ang antas ng iyong kakayahan. Ang layunin sa pagbuo ng modyul ay para magabayan kang matuto at makasanayan ang tamang paggamit ng tandang pamilang sa pangngalang di-mabilang. Ang modyul na ito ay magbibigay daan upang magamit mo ito sa iba't ibang sitwasyon para sa iyong pagkatuto.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nagagamit nang wasto ang mga tandang pamilang sa di-mabilang na mga pangngalan (**MT3G-Ia-c-1.2.1**).



Mga Tala para sa Guro

Mahalagang unawain ang gagawing pagbasa sa mga nilalaman ng modyul na ito upang mas mapadali at magiging magaan ang mga nakalaang gawain para sa bawat aralin. Mas mainam na sunding mabuti ang mga panuto bilang gabay para matiyak na makamit ang layunin sa pagkatuto.



Subukin

Basahing mabuti ang mga tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Anong uri ng pangngalan ang ginagamitan ng tandang pamilang?
 - A. pangngalang mabilang
 - B. konkretong pangngalan
 - C. pangngalang di-mabilang
 - D. di-konkretong pangngalan

2. Alin sa mga sumusunod ang pangngalan na di-mabilang?
 - A. bag
 - B. kama
 - C. lamesa
 - D. mantika

Para sa bilang 3-5, anong tandang pamilang ang akmang gamitin sa mga sumusunod na pangngalan?

3. juice
 4. patis
 5. bigas

- A. isang sakong
- B. isang basong
- C. isang boteng
- D. isang platong
- E. isang pirasong

Aralin

1

Tandaan Mo!

Nasubukan mo na bang sumama sa iyong Inay sa palengke? Ano-ano ang inyong mga pinamili? Paano ito binibilang ng mga tindera?


Alam mo na kung ano ang pangngalan, ngunit dapat mo ring alamin na may mga pangngalang hindi natin mabibilang. Tara! Sabay nating tuklasin at tandaan kung paano bilanganin ang mga ito.

Ngunit bago tayo dumako sa panibagong aralin, balikan muna natin ang natutuhan mo sa nakaraang modyul.



Balikan

Ang **graphic organizer**. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.






Tuklasin

Basahin nang tahimik ang kuwento at alamin ang mga bagay na pinamili sa pamilihan.

Sa Pamilihan
ni: Araceli T. Cullamat



Tuwing araw ng Sabado, tinutulungan ko si Nanay sa pamimili ng mga pangangailangan sa bahay. Kami ay pumupunta sa **supermarket** upang bumili ng tatlong kilong karneng manok, isang kilong isda, isang basket ng mga sari-saring prutas at gulay, isang boteng toyo, dalawang boteng mantika, kalahating boteng suka, isang kartong gatas, isang dosenang paketeng kape, at isang **tube** ng **toothpaste**.

Sa araw ding ito ay magluluto si ate ng **puto cheese** at **leche flan** kaya hindi namin kinaligtaang bilhin ang mga sangkap na gagamitin tulad ng isang kilong harina, isang kahong keso, isang dosenang itlog, isang litrong mantika, at dalawang latang **condensed milk**.

Sagutan ang sumusunod na tanong.

1. Ilang kilong karneng manok ang binili sa supermarket?
2. Ilang basket ang sari-saring prutas at gulay?
3. Ano-ano ang sangkap ng puto cheese at leche flan?




Suriin

Basahing muli ang sagot sa mga tanong tungkol sa kuwento.
Ano ang napansin mo?

- tatlong kilong karneng manok
- isang basket ng mga sari-saring prutas at gulay
- isang kilong harina
- isang kahong keso
- isang dosenang itlog
- isang litrong mantika
- dalawang latang condensed milk.

Alam mo ba kung ano ang tawag sa mga salitang may salungguhit? May mga bagay na hindi kayang bilangin sa isang tingin lamang. Ito ay tinatawag na mga **tandang pamilang sa mga pangngalang di-mabibilang**.



Tandaan

Ang pangngalan ay ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari. May mga pangngalang hindi mo mabilang at sila ay ginagamitan ng mga tandang pamilang. Ito ay mahalagang kataga upang magkakaroon ng wastong bilang ang mga pangngalang di-mabilang. Tuwirang nauunawaan at naibibigay nito ang angkop na pamilang ng dami ng mga bagay o pangngalan na tinaguriang **mass noun**.

Halimbawa ng mga tandang pangngalang pamilang:

- | | |
|-------------------|---------------------|
| • isang basong | • isang pirasong |
| • dalawang kahong | • isang bandehadong |
| • isang platong | • isang kilong |
| • dalawang boteng | • isang sakong |
| • isang tasang | • limang basket ng |
| • isang bag ng | • apat na paketeng |



Pagyamanin

Gawain A

Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B. Isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Hanay A

1. isang dakot ng
2. isang paketeng
3. isang garapon ng
4. dalawang baldeng
5. tatlong pirasong

Hanay B

- a. **powdered juice**
- b. bagoong
- c. buhangin
- d. papel
- e. toyo
- f. tubig

Gawain B

Pillin sa loob ng kahon ang angkop na tandang pamilang na gagamitin sa mga pangngalang di-mabilang sa bawat pangugusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

isang sakong	Tatlong tasang
isang boteng	isang kutsaritang

1. Bumili si nanay ng _____ toyo.
2. _____ kape ang aking inihanda para sa mga bisita ni ate.
3. Namigay ng _____ bigas ang mapagmahal na alkalde ng bayan.



Isaisip

Sagutin ang mga tanong sa iyong papel o kuwaderno.

1. Ano ang pangngalang di-mabilang?
2. Saan ginagamit ang tandang pamilang? Bakit?
3. Gaano kahalaga ang paggamit ng tandang pamilang sa mga pangngalang di-mabilang?



Isagawa

A. Piliin mula sa kahon ang angkop na tandang pamilang na gagamitin sa pangngalang di-mabilang. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

basong	platong	tasang
boteng	latang	pirasong

1. _____ sardinas
2. _____ kanin
3. _____ biskwit
4. _____ mantika

B. Kompletuhin ang mga pangungusap. Gumamit ng wastong tandang pamilang sa mga pangngalang di-mabilang. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Iniwan ni Josie ang isang _____ mani sa bahay ng kanyang kaibigan.
2. Isang _____ gatas ang iniinom ni tatay tuwing umaga.
3. Nagluto si nanay ng isang _____ isda para sa agahan.



Tayahin

Piliin ang wastong tandang pamilang sa kahon at punan ang patlang upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

garapon ng

pirasong

basket ng

kahong

sakong

dakot ng

1. Si Manny Garcia ay may dalang dalawang _____ dilis mula General Santos City.
2. Bumili ng isang _____ **jam** si nanay sa pamilihan kahapon.
3. Isang _____ ubas ang regalo ni ate kay mama noong **Mother's Day**.
4. Pinaghatian namin ni kuya ang isang _____ keyk kaninang umaga.
5. Tuwang-tuwa si Aling Narda dahil napanalunan niya ang tatlong _____ bigas sa supermarket.



Karagdagang Gawain

Pumili ng tatlong tandang pamilang sa pangngalang di-mabilang mula sa listahan. Gamitin ang mga ito sa sariling pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

- a. isang kahong
- b. dalawang kilong
- c. isang baldeng

- d. isang garapon ng
- e. dalawang paketeng



Susi sa Pagwawasto

Karagdagang Gawain • maaaring magkaliba ang sagot	Pagpamamali 1. kahong 2. garapon ng 3. basket ng 4. pirasong 5. sakong	Isagawa A. 1. latang 2. platong 3. pirasong 4. boteng B. • maaaring magkaliba ang sagot
Pagpamamali A. 1. C 2. A 3. B 4. F 5. D B. 1. isang boteng 2. tatlong tasing 3. isang sakong	Balik 1. Tagpuan 2. Tauhan 3. Pangyayari	Subukin 1. C 2. D 3. B 4. C 5. A

Sanggunian

Curriculum Guide in Mother Tongue Based-MLE 3, p133.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Final K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELCs) with
Corresponding CG Codes in MTB-MLE Grade III Quarter 1.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiong,
Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang,
Victoria D. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace
U. Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega.
MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3):
Book Media Press, Inc., 2014, 55 *DepEd Complex, Meralco
Avenue. 1600*

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph